

**MESSAGE to:**

**Society of Filipino Foresters, Inc. (SFFI) on its 2023 Annual National Conference and 75<sup>th</sup> Anniversary Celebration**

**Subic Bay Exhibition and Convention Center**

**SBMA, Olongapo, Zambales, Philippines**

**By:**

**ABRAHAM B. VELASCO, President, Society of Filipino Foresters in North America (SFFNA)**

**INTRODUKSYON**

Taos-puso akong bumabati sa pamunuan at kasapian ng ***Society of Filipino Foresters, Inc.*** na pinangungunahan ni ***Forester/Attorney*** Robert Oliva sa pagganap ng inyong taunang pambansang kumperensiya at pagdiriwang ng inyong ika-pitumpo't limang anibersaryo. (Magkasing-edad lang pala kami ng SFFI.)

Ikinalulungkot kong hindi makadalo sa kadahilanang hindi ko maiiwasan. Ngunit nagagalak pa rin ako at sa pamamagitan ng ***internet*** ay naipadala ko ang mensahe kong ito.

Pinupuri ko kayo sa inyong masugid na pagtataguyod sa pangangalaga at matalinong-paggamit ng ating Likas na Kayamanan, lalung-lalo na ang kagubatan. Kagawad man kayo ng Pamahalaan, may sariling kalakal o negosyo, o empleyado man ng pribadong ahensiya o kompanya, iisa ang inyong adhikain at hangarin – ang mapanatiling patuloy na nagbibigay-biyaya ang ating mga kagubatan sa ating kabuhayan ngayon at sa susunod pang mga salin-lahi.

Bilang isang ***Forester*** nuong dekada 1960, nasaksihan ko ang pag-iibang pananaw ng ating Pamahalaan sa kanyang pangangasiwa at pangangalaga sa ating mga kagubatan simula noon hanggang ngayon.

## NOON

Noon, ang **Forestry Practice** ay nakatuon sa pagputol ng mga mahahalagang punong-kahoy; pagpatubo ng mga buto at pagparami ng mga punla na itatanim sa mga lugar sa kabundukan na kung saan nasunog o nasira na ang mga halaman; o kaya'y sa paggawa ng plywood, papel, muwebles, at iba't-ibang produktong galing sa punong-kahoy at mga halaman sa kagubatan..

Kung magtanong ka noon kung ano ang dahilan ng pagkasira ng mga kagubatan, ang lahat ay nakaturo sa mapanirang gawain ng Kainginero. Sinasabi ing lahat na pagkatapos daw maputol ng **logger** ang mga punong-kahoy sa isang lugar, susunod daw ang kainginero sa pagputol ng mga natitirang puno at halaman, susunugin ang mga ito, at tataniman ang lugar ng mga halamang pagkakakitaan nang panandaliang ikabubuhay. Wala pong kasalanan ang **logger**, kasi po naatasan siyang sumunod sa patakaran ng pamahalaan na magtanim ng punla sa bawa't punong-kahoy na puputulin nito. Binubunot po ng kainginero ang mga punlang itinanim ng **logger** at pinapalitan ng halamang pangkabuhayan katulad ng palay, mais, saging, at mga gulay.

Tuwing may bagyo at baha na sasalanta sa mga nayon, kabayanan, at bukirin, iisang tinig ng mamamayan ang iyong maririnig: "Itigil ang paninira sa kagubatan upang maiwasan ang pagkamatay ng mga tao at hayop at pagkasira ng mga bahay, daan, at gusali." Dali-dali namang kikilos ang Pamahalaan at ito'y magpatibay ng mga batas at alituntunin upang isagawa ang daing ng mamamayan.

Nguni't huli na ang lahat. Aanhin pa ang batas kung tapos na ang baha? Kahalintulad nito ang paglalagay ng CCTV sa palibot ng isang gusaling pangkalakal pagkatapos itong malooban at manakawan.

## NGAYON

May nakapagsabi noong Dekada 1960 na nasisira ang mga kagubatan ng Pilipinas sa bilis na 170,000 ektarya taun-taon, at dahil dito magiging disyerto ang mga kagubatan pagkaraan ng dalawampu't limang taon. Ngayon, sa awa ng Diyos,

mahigit na 25 taon na ang nakalipas ngunit hindi pa naman nagiging Sahara ang ating mga kagubatan.

Ngunit, saan na ngayon ang mga trosong pinapalutang sa ilog patungo sa dagat na kung saan nakaabang ang barkong magdadala sa mga ito sa ibayong bansa? Saan na ngayon ang mga bagon-bagon ng trosong dumadaan at lumulusot sa mga **checkpoints** mula kagubatan hanggang sa piyer na kung saan naghihintay ang barkong banyaga upang ilulan ang mga troso? Akala ko ba nagtatanim ang **logger** ng punla kapalit ng pinutol niyang punong-kahoy? Akala ko ba pinoprotektahan ng **logger** ang kaniyang mga plantasyon laban sa panghihimasok at paninira ng mga kainginero?

Mukhang natalo ang Pamahalaan sa kaniyang pakikibaka sa mga elementong mapanira sa kagubatan ng bansa. Sumuko na ang Pamahalaan. Ilan kayang **logger** (**illegal** man o hindi) o kainginero ang nakulong dahil nahuli sila sa aktong paglabag sa batas ng **Forest Protection**?

Huli na ang lahat nang magkamalay-tao ang Pamahalaan at mapagtanto niya na ang malaking suliranin ng pagkasira ng kagubatan at pagpapanumbalik ng luntian sa kagubatan ay hindi dahil sa punong-kahoy at punla nito; hindi dahil sa lupa; hindi dahil sa mga mababangis na hayop; hindi dahil sa makinarya (tulad ng **bulldozer** o **grader**) at kasangkapan (tulad ng itak o palakol); at hindi rin dahil sa pag-ikot ng mundo at pagsapit ng tag-araw o tag-ulan. Huli na ang lahat nang mamulat ang mata ng Pamahalaan na ang salarin pala sa pagkasira ng kagubatan ay ang Tao – na siyang dapat magtamasa ng mga produktong galing sa kagubatan at dapat pagsilbihan ng mga kabutihang idinudulot nito.

Noong 1970, habang ako’y nag-aaral sa **Graduate School of Arts and Sciences** sa UP Diliman, isang kamag-aral ko ang namangha at nagtanong sa akin: **“What is a Forester like you doing in Psychology?”** Bakit daw ako, isang Forester, ay nagaaral ng pagka-Master sa Sikolohiya. Dinagdagan pa niya ng: **“Are you going to psychologize the trees?”** Winalang-bahala ko ang kanyang paglait at paghamak, ngunit sinagot ko siya ng: **“No, I don’t intend to psychologize the trees – it’s the people who benefit and profit from the trees that I will psychologize.”** Hindi ko

naman po ma-**psychologize** ang mga punong-kahoy; ang ma-**psychologize** ko lang ay ang mga taong nakikinabang at gumagamit sa mga punong-kahoy.

Ang saloobin (**attitude**) ng aking kamag-aral ay tulad din ng saloobin ng karamihang mamamayan noong dekadang iyon, lalung-lalo na ang Pamahalaan. Ang akala ng mga Pilipino noon ay hindi kailangang magkaroon ng sikolohiya sa **Forestry** dahil hindi Tao ang puno at dulo ng suliraning pangkagubatan.

Kaya naman sinasabi kong huli na ang Pamahalaan dahil noong taong 1963 lang pinagtibay ang isang pambansang batas na ang layunin ay "**Public Education and Information in Forest Conservation**." Dito nagsimula ang pagkatatag ng **Department of Forestry Extension** sa ilalim ng Pamantasan ng Pilipinas Dalubhasaan ng Paggugubat (**University of the Philippines College of Forestry**).

Pitong taon na ang nakaraan pagkatapos na mapagtibay ang Batas na nabanggit, ngunit may mga tao pa ring naniniwala, tulad ng aking kamag-aral, na walang kinalaman ang tao sa pagkasira ng kagubatan. Kaya hindi kailangan ang mga sikolohista, sosyolohista, antropolohista, at mga dalubhasa sa pag-aaral ng mga tao, kalipunan, at kultura sa paglutas ng malaking suliraning pagkasira ng kagubatan.

Aywan ko ngayon kung may mga Pilipino pa ring katulad ng aking kamag-aral sa pag-iisip at paniniwala. Sana wala na. Sana lahat tayo'y kumbinsido na na ang pagkasira ng kagubatan ay dahil sa Tao.

### **Samakatuwid, kung dahil sa Tao ang pagkasira ng kagubatan, sa Tao rin nakasalalay ang panunumbalik ng mga nasirang kagubatan.**

Hindi ito ang panahon upang magturuan at magsisihan kung sino sa mga Tao ang pinakamarubdob na dahilan sa pagkasira ng kagubatan. Ang kainginero kaya? Ang **logger** kaya? Ang **illegal logger** kaya na nagla-**logging-logging**? Ang mga karaniwang mamamayan kaya na nagbulag-bulagan o tumitingin sa kabila kung may napapansing katiwalian? Ang mga kawani ng Pamahalaan kaya na nagpabaya sa kanilang tungkulin?

Sasabihin na lang natin na ang lahat ay nakinabang at nagtamasa ng karangyaan sa buhay ngunit ang kapalit naman ay pagkasira ng kagubatan.

Ang aking mungkahi at panukala ay: Ito ang panahon upang magbayad na – **Payback time** ‘ika nga.

Subalit itanong niyo sa akin: Bakit ako magbabayad? Bakit ako ang mananagot sa kasalanan ng iba? Bata pa ako (o hindi pa ako isinilang) noong sinira nila ang mga kagubatang iyan.

Ang sagot ko naman ay: Bakit nga ba hindi natin panagutin yong indibiduwal na kainginero, **logger**, politiko, o kawani ng pamahalaan, kung buhay pa sila? Maituturo kaya natin kung nasaan sila? Sa aking palagay, mahirap nang hanapin sila kung buhay pa. At baka sila’y matandang-matanda na at ulyanin pa.

Ito ang Oras ng Pagbabayad-sala (**Hour of Atonement**). Bayaran natin ang kasalasang nagawa ng mga ninuno o nauna sa atin, dahil ang kasalanan nila – sa ayaw o sa gusto – ay namana na natin.

## Ang SFFNA

Binuo at itinatag ang **Society of Filipino Foresters in North America** noong Agosto 22, 2004, sa Seattle, Washington, USA, upang matugunan ang minimithing pagtitipon ng mga **Filipino Foresters** na nakatira sa Estados Unidos at Canada at upang makatulong sa mga gawain tungo sa pagpapanumbalik ng mga nasirang kagubatan sa Pilipinas at panatiliing mabunga at produktibo ang mga ito.

May mahigit na isandaang kasapi galing sa Estados Unidos, Canada, at Pilipinas. Sa katunayan, ang kasalukuyang Pangulo ng SFFI, si **Forester/Attorney** Robert Oliva, ay panghabambuhay (**Life Time**) na kasapi sa SFFNA.

Maliban sa pagtutunguhan at pagsasamahan sa bawa’t **reunion** at **convention** na kadalawang-taonang ginaganap, nagkakaroon din ng mga talakayan at pagkakasunduan sa paghahanap ng mga paraan upang makatulong din ang SFFNA sa “pagbabayad-sala.”

Commented [a1]:

Ikinararantal kong ipaalam sa inyo na isa sa napagkasunduan naming paraan ay ang pagsagawa ng proyekto sa Pilipinas na tinatawag nating ***Community-Based Forest Management (CBFM)***.

May mga hakbang na kaming ginawa upang matupad natin ang proyektong ito. Nagtatag kami ng ***Special Projects Committee*** na binubuo nina Forester Rudy Leal, Forester Ding Leano, Forester Ann Boado, Forester Bibiano Ranes, at Forester Bernardo Cuyno. Ang komite ay nakahanap na ng lugar sa Pilipinas para sa proyekto.

Sa mga susunod na buwan, pagtitibayin namin ang kasunduan ng SFFNA at ng mga taong-bayang pumapayag na sumapi sa proyekto sa pamamagitan ng isang ***Memorandum of Agreement***.

Sa pagtaguyod ng proyektong ito, inaasahan namin ang tulong at suporta ng ***Society of Filipino Foresters, Inc.*** Kasiyahan nawa tayo ng Poong Maykapal at pagpalain tayo sa ating pagsulong upang magkatotoo ang pangarap na ito.

## KONKLUSYON

Bilang pagtatapos, sa ngalan ng ***SFFNA Executive Board*** at mga miyembro ng SFFNA, inaanyayahan ko kayong lahat sa ***10th SFFNA Biennial Convention & Reunion*** at ***20th SFFNA Anniversary Celebration*** na gaganapin sa Embassy Suites Hotel, Niagara Falls, Canada, sa Mayo 10-12, 2024. Ang tema po ng pagtitipon ay: ***"SFFNA's continuing commitment and involvement in community-based forest management."*** Ang ulat at rekomendasyon ng ***Special Projects Committee*** tungkol sa Proyekto ang tatalakayin sa kumbensyong ito.

Binabati ko kayong muli sa inyong pagdalo. At nagpapasalamat po ako sa inyong pakikinig sa aking mensahe. Hinahangad ko ang tagumpay ng inyong Kumbensyon.

Mabuhay ang ***Society of Filipino Foresters, Inc.***! Mabuhay ang ***Society of Filipino Foresters in North America!*** Mabuhay ang mga ***Filipino Foresters*** sa Sanlibutan!

-7-

Magandang araw sa inyong lahat!

5:44am/09 November 2023 {Manila Time}

1:44pm/08 November 2023 {Las Vegas Time}